**PRESIDENT FERDINAND ROMUALDEZ MARCOS JR.'s**
**SPEECH AT THE PRESIDENTIAL ASSISTANCE TO FARMERS, FISHERFOLK AND FAMILIES IN SURIGAO DEL SUR**
Tandag City, Surigao del Sur
June 20, 2024

[00:00:00]
Maraming salamat sa ating Special Assistant, Secretary Anton Lagdameo.

Please, magsi-upo po tayo.

Andito rin po ang Kalihim ng --- ngayon sa kasalukuyan ay marami talagang ginagawa dahil dumadaaan po tayo sa krisis ng tagtuyot at kaya't inaasahan po natin ng tulong na galing sa Department of Agriculture, nandito po, Secretary Kiko Laurel. [applause]

Ang lagi ninyong nakikita kapag may kalamidad at kapag may nangangailangan ng tulong, ang Kalihim ng DSWD, Secretary Rex Gatchalian. [applause] At ang siyang tumutulong na para maganda ang ugnayan ng national government at ang local government. Kung hindi po maganda ang koordinasyon at ugnayan at pagsasama ng national government at local government, hindi po namin magagawa itong mga programang ito. Pag-uusapan lang namin sa Maynila ito, hindi niyo mararamadaman. Kaya't napaka-importante ang kanyang ginagawang trabaho, ang Kalihim po ng DILG, Secretary Benhur Abalos. [applause] Ang namamahala at nagtitimon sa mga development dito sa buong isla ng Mindanao, ang Mindanao Development Authority Secretary, Secretary Leo Magno; [applause] ang ibang mga Cabinet members na nandito ngayon.

At ang inyong First District Representative na hanggang ngayon ang tawag ko sa kanya Usec kasi ang tagal naming magkasama, matagal, marami kaming ginagawa. Noong ako nga ay Chairman nung Public Works sa Senado,

madalas kaming magkita. Lagi siyang pinupuntahan, ang tinatanong ko, dahil totoo ang sinasabi niya sa akin kung ano ba talaga ang lagay, ang ating Congressman ngayon, Congressman Momo; [applause] at ang napakasipag at nakapasigasig na Congressman ng Second District ng Surigao del Sur, Representative Johnny Pimentel; [applause] ang First District, Agusan del Sur Representative Alfelito Bascug; [applause] Second District of Agusan del Sur Representative Eddiebong Plaza; [applause] Surigao del Sur Governor, Governor Alexander Pimentel; [applause] Agusan del Sur Provincial Governor, Governor Santiago Cane Jr.; [applause] ang ating host, dito sa ating programa ngayon ay ang Tandag City Mayor, Mayor Roxanne Pimentel; [applause] at lahat ng aking kasamahan sa pamahalaan, all elected officials; my fellow workers in government; at ang pinakamahalaga na nandito na bumisita at kasama natin ngayon, kayo po mga beneficiary ng ating presidential assistance; [applause] ladies and gentlemen. Magandang araw po sa inyong lahat!

[00:03:53]
Marami pong salamat sa inyong mainit sa pagsalubong sa amin. Tunay pong napakaganda ng Surigao del Sur. [applause]

Pinagpala kayo ng magandang tanawin, mga ilog, talon at yaman ng lupa ay siyang nagbibigay ng buhay sa inyong pananim. Ang agrikultura at pangingisda ay ilan lamang sa mga pangunahing industriya na nagbibigay lakas sa lalawigan ng Surigao del Sur.

Gayun pa man, batid ko ang matinding dinadanas ninyong hirap nitong nagdaang El Niño. Halos labing-dalawang libong magsasaka dito sa Region XIII ay naapektuhan.

Hinding-hindi namin nakakalimutan ang ating mga kababayan dito sa Surigao del Sur. Kaya po nandito kami para personal na ipahatid ang tulong mula sa pamahalaan. [applause]

Hangarin namin na maging maunlad at produktibo ang mga mamamayan ng Surigao del Sur at ang Rehiyon ng Caraga.

Mula noong ipinagkatiwala ninyo sa akin ang pagiging Pangulo, batid ko na ang tanging paraan upang maging matagumpay sa mga layuning ito ang lubos na pag-unawa sa sitwasyon sa pangangailangan ng bawat Pilipino. Iyan ang dahilan kung bakit po ako nandito, kasama ang mga iba't ibang ahensya ng pamahalaan: Gusto kong masiguro na maayos na pagtanggap ninyo ang aming hatid na ayuda at malaman mismo ang kalagayan ninyo.

Naiba po --- kaya naiba ang nagbabasa lamang ng mga report. Iba talaga kung tayo ay nakabisita, nakakausap kayo at naririnig ng sarili ko na personal kung ano ba ang inyong pangangailangan, kung ang inyong sitwasyon. Kaya naman ikinagagalak ko pong ihatid sa inyo ang sampung libong cash assistance para sa mahigit siyam na libo [applause] na makakatanggap dito sa Surigao del Sur sa ilalim ng Ayuda sa Kapos ang Kita Program o AKAP ng DSWD.

[00:06:16]
Magbibigay din po ang aking tanggapan ng tig-sasampung libong piso sa mga magsasaka, mangingisda at ilang piling pamilya na masyadong apektado ng El Niño dito sa Surigao del Sur at sa Agusan del Sur. [applause]

Ito pong tulong na ito ay ipamamahagi namin sa inyong mga lokal na pamahalaan upang maiparating sa inyo. Ang DA, ang Department of Agriculture at saka ang DSWD ay tutulong po na matiyak na agaran itong makaabot sa inyo. Sa kabuuan, ay mahigit na animnapung milyong piso ang inilaan natin para sa Agusan del Sur at sa Surigao del Sur. [applause]

Mamamahagi din po ng tig-limang kilong bigas ang office naman ng Speaker of the House of Representatives, Speaker Martin Romualdez. [applause] Mayroon ding inilaang mga farm machinery, equipment, at credit assistance, pautang ang DA, livelihood starter tool kits naman ang galing sa TESDA para sa mga benepisyaryo mula sa Surigao del Sur.

Magbibigay din po tayo ng ayuda sa pamamagitan ng DOLE Integrated Livelihood Program o DILP, Tulong Panghanapbuhay sa Ating Disadvantaged/Displaced Workers o iyong programang tinatawag na TUPAD at kasama diyan ang Government Internship Program.

Bukod dito, may nakahanda na rin tayong training allowance para sa mga nais magpasanay sa ilalim ng TESDA. Nawa po, sa mga tulong na hatid namin ngayon ay maibsan natin ang hirap na inyong pinagdaraanan sa araw-araw ninyong paghahanapbuhay at pagsasakripisyo.

Ngayon naman ay kailangan nating paghandaan ang tag-ulan na inaasahang magdadala ng higit sa normal na buhos ng ulan sa darating na buwan ng Oktubre. Bagaman ang hiling natin ay wala nang maranasang pinsala o aberya sa panahong ito, nais kong malaman ninyo na handa ang pamahalaan kung sakali man mangangailangan tayo ng pondo at mga suplay ng pagkain sa oras ng kalamidad. Nandito po, ready po ang inyong pamahalaan. [applause]

Hindi lamang po ito: Masaya ko ring ibinabalita sa inyo na ang ilan sa mga proyekto nating pang-imprastraktura ay nasa kalagitnaan na ng pagpagawa.

[00:09:06]
Ang Cabadbaran-Puting Bato-Lanuza Road ay halos kalahating porsyento, 44.7 percent na tapos na. Ang East-West Lateral Road naman, na may kasamang dalawang tulay at drainage at slope protection, lampas na sa animnapung porsyento na kumpleto na.

Nariyan din ang pagsasaayos natin ng Tandag Airport upang mapabilis ang biyahe mula dito sa inyong lugar patungong ibang bahagi ng bansa. [applause]

Maliban sa mga nabanggit ko rito, nakapamahagi na tayo ng halos siyam na bilyong piso mula noong Enero noong nakaraang taon dito sa Caraga sa ilalim ng mga programa ng DSWD, kagaya ng Pantawid Pamilyang Pilipino Program, Assistance to Individuals and Families in Crisis Situations, at LAWA at BINHI, at iba pa.

Maaasahan din ninyo ang patuloy na pagsulong namin ng edukasyon at kalusugan dito sa Caraga. Nakapaglaan na tayo ng higit sa isa't kalahating bilyong piso para sa pagtayo ng mga bagong silid aralan at halos kalahating bilyong piso para sa pagpaayos sa mga lumang silid aralan. Higit isang daan at pitumpung libong iskolar naman mula sa Caraga ang makakatanggap ng pondong inilaan para sa mga programa ng CHED.

Mayroong higit isang daang health facility projects din… [applause] Mayroon din health facility projects din sa inyong lugar na napaglaanan na nasa budget. Patuloy din po ang paghahatid ng tulong ng DTI, Department of Trade and Industry, sa mga maliliit na negosyo sa pamamagitan ng pagpapahiram ng puhunan. Sa katunayan, may nakahandang dagdag na higit labindalawang milyong piso ang DTI upang tulungan ang ating mga MSME, iyong mga maliliit po na negosyo, sa ilalim ng Negosyo Center Program.

Mga minamahal na kababayan, nawa ay magsilbing patunay ang mga nabanggit kong programa ng aming masidhing hangaring mapagaan ang inyong mga pinapasang suliranin ngayon.

Asahan ninyo na patuloy kaming maghahanap ng katugunan sa mga pagsubok na kinakaharap ng ating bansa at magpapatupad ng mga angkop na programa at patakaran upang matikman naman ninyo ang bunga ng inyong pagsisikap. [applause]

Pinaaalalahanan ko ang lahat ng mga ahensya, lingkod bayan, mga kabalikat ng gobyerno:  Huwag nating sayangin ang ating mga nasimulan.

At sa inyo mga magigiting na magsasaka at mangingisda, hindi ito ang huling pagkakataon na makakarinig kayo ng magagandang balita mula sa atin.

Patuloy lamang ang pamahalaan sa pag-agapay sa inyo.

Sa sama-sama nating pagkilos at pagtutulungan, tiyak na makakamit din natin ang isang Bagong Pilipinas --- isang Bagong Pilipinas kung saan ang bawat Pilipino ay busog, hindi lamang sa pagkain, kung hindi sa pangarap, pag-asa at mga oportunidad.  [applause]

Muli, maraming, maraming salamat po sa inyong mga sakripisyo!

Mabuhay ang bawat pamilyang Pilipino!

Mabuhay ang Bagong Pilipinas! [applause]

Maraming salamat po at magandang umaga po sa inyong lahat. [applause]
[00:12:57]

***

BAGONG PILIPINAS